Written by Emily Marcelo
Monday, 16 April 2012 12:23 -

Dear Emily,

Nagkaroon ako ng relasyon sa isang lalaking sampung taon ang bata sa akin. Nakilala ko siya ng pinauna niya ako sa pila ng isang supermarket. Nagkataong nagkita na naman kami sa fast food na malapit doon at naki-upo siya sa table ko. Nagkwentuhan kami ng matagal at duon na nagsimula ang pagkakaibigan namin.

Kahihiwalay ko lang sa aking boyfriend at ganun din siya, sabi niya sa akin. Akala ko ay kaming dalawa na talaga dahil mabait siya at mapagmahal. Hindi ko alam na matatapos yun ng walang dahilan dahil sa dalawang buwan na masugid ang relasyon namin at wala akong nakitang anumang dahilan para siya mawala sa buhay ko.

Nagpunta lang ako ng isang linggo sa probinsiya dahil sa trabaho ko at ng bumalik ako, hindi ko na siya makapa. Nagbago siya ng cellphone at ng puntahan ko siya sa pinagta-trabahuhan niya, sabi ng security guard, wala daw ganung pangalan duon. Nang sinabi kong duon ko sa building na yun ibinababa ang taong hinahanap ko, naisip kong ni hindi ko pala alam kung ano ang pangalan ng kumpanyang pinapasukan niya.

Isa pa, humiram sa akin ng P20,000 ang lalaking ito bago ako pumunta sa probinsiya. Maguumpisa daw siyang magnegosyo sa halagang iyon. Pumayag ako dahil talagang mabait siya at wala akong nakitang dahilang lolokohin niya ako.

Ginamit lang pala ako? Wala sanang kwentang nawala ang pera ko, pero pati ba puso ko, niloko niya? DORIN

Kung hindi nagkasakit ng malala ang lalaking ito, o nasagasaan ng isang 8x8 na trak, OO, niloko ka niya! Masakit nga ang nangyari sa iyo dahil minahal mo na siya ng tunay. Pero pasalamat ka na rin at sandali ka lang niya pinaikot at ito ay hindi na nagtagal.

Isipin mo na lang na kunwari ay sweldo na lang niya yung P20,000 na nakuha niya sa iyo. Kung inaraw-araw mo siyang inabutan ng pera sa loob ng dalawang buwan, lumalabas na P334 isang araw ang naibayad mo sa kanya. Ipalagay mo na lang na para kang nag-arkila ng isang hardinero sa garden mo. Napasaya ka naman niya at napaganda pa niya ang garden na dito ay yun yung katawan mo. Masakit man, okey na rin yun.

Huwag ka na lang masyadong mahulog at madaling umibig sa mga akala mong mabait pero hindi mo naman kilalang mga lalaki. Sa hirap ng buhay ngayon, gagawin at gagawin ng mga ganitong klaseng tao ang lahat ng paraan, magkapera lang sila ng madalian.

Pero sabi nga ng tulang "Desiderata," hindi ito dahilan para hindi ka na maniwala uli sa kagandahan ng tunay na pag-ibig. Parang sinok lang itong nangyari sa iyo.

(emarcelo@inquirer.com.ph or emarcelo629@gmail.com--SUBJECT: LIBRE)